# KASAYSAYAN NG BISHOP MOISES F. BUZON MEMORIAL CHURCH TEMPLO CENTRAL

Ang kasaysayan ng kapatiran sa Templo Central, na mas kilala ngayon sa pangalang Bishop Moises F. Buzon Memorial Church, ay nakaugat sa pananampalatayang Ebangheliko-Metodista na dinala sa Pilipinas at naitatag sa pangunguna ng mga Pilipinong Ministro. Bago pa lamang maitatag ang Iglesia Evangelica Unida de Cristo noong 1932, ang kapatiran sa Tondo, Maynila (Templo Central) ay matatag at lumalago na sa ilalim ng Iglesia Cristiana Trinitaria mula noong 1913 hanggang sa ito ay makipag-isa sa pagbubuo ng Iglesia Evangelica Unida de Cristo (IEUDC)

## Pagsisimula ng Metodismong Pilipino

Dumating ang misyon ng Iglesia Metodista Episcopal sa Pilipinas nang taong 1899. Lumaganap ang pananampalatayang ebangheliko-Metodista sa Pilipinas kasabay ang mga misyonerong Presbiteryana. Sa mga panahong iyon ay mga dayuhang Amerikano ang mga namumuno sa mga iglesya Metodista kaya naman nagkaroon ng pag-iisip ang mga Pilipino na magkaroon ng "Filipinize" na iglesya. Sa isang matibay na pagkilos at pagkakaisa, binuo ng kalipunan ng mga kaanib ng Iglesya Metodista sa Tondo ang isang organisadong samahan na tinawag nilang "Ang Kapisanang Katuwiran" dala ang adhikaing maabot ang mga manggagawang Pilipino sa mga probinsya at mabigyan ng mga pinansyal na suporta na hindi naabot ng Iglesya-Metodista sa pamumuno ng mga dayuhan. Kabilang sa Ang Kapisanang Katuwiran sina Felipe Marquez, Pedro at Servillano Castro, Moises Buzon, Cirilo Kasiguran, Eugenio Monico, Victoriano Mauricio, Leoncio Ronquillo, Sinforoso Ponce at Luis Ocampo. Nakiisa rin sa samahang ito ang ilang mga kinatawan ng mga probinsya ng Rizal at Bulacan na sina Victoriano Mariano, Alejandro Reyes, Diosdado Alvarez, Ricardo Lozada, Santiago Tanghal, Hilario Aniceto, Valeriano Villanueva, Timoteo Lopez, Pedro del Fin, Rufino Bautista at Eusebio Domingo. Hindi naglaon ang samahang ito ay kumalas sa Iglesia Metodista Episcopal sa pamumuno ng mga dayuhan at itinayo ang iglesyang pinangungunahan ng mga Pilipinong Ministro. Noong Pebrero 28, 1909, ipinahayag sa St. Paul Methodist Church ang isang iglesya na pamumunuan ng mga Pilipino sa pangalang La Iglesia Evangelica Metodista en las Islas Filipinas (IEMELIF).

## Kapanganakan ng Iglesia Cristiana Trinitaria

Sa pamumuno ni Nicolas Zamora sa IEMELIF sa paraang “unipersonalistic administration” na nakahalaw sa isinagawa ni John Wesley, hindi naging katanggap-tanggap ito sa ilang mga kaanib ng iglesya sapagkat ninanais nila na ang iglesya ay pamunuan ng hindi iisang tao lamang. Kaya’t nagdesisyon ang ilang mga kaanib na ito na kumalas sa IEMELIF. Kabilang sa mga ito ay sina Reb. Moises Buzon, Reb. Diosdado Alvarez, at Reb. Pedro Castro kasama ang limandaan (500) pang kaanib at itinatag ang Iglesia Cristiana Trinitaria noong 1913. Binuo nila ang maliit na iglesya sa Kalye Francisco at Yangco sa Tondo, Maynila. Bagama’t ang bagong iglesyang ito ay mayroong halos katulad na doktrina ebangheliko sa kanyang pinagmulang iglesya, ito naman ay pinamunuan na ng collegial body kung saan ang “Anciano” o elder ang pinakamataas. Naging matatag ang kapatirang ito sa Tondo, Maynila. Ngunit dahil sa ilang hindi pagkakasundo makalipas lamang ang ilang taon ay dumanas na ito ng paghahati sa pangunguna ni Reb. Pedro Castro at binuo ang Iglesia de Dios samantalang si Reb. Diosdado Alvarez ay umalis sa Cristiana Trinitaria at bumalik sa IEMELIF noong 1921. Sa mga pangyayaring ito, nanatiling matatag ang Iglesia Cristiana Trinitaria kasama ang mga Tagapangasiwa nito at si Reb. Moises Buzon.

**Pagpapatuloy ng Buhay ng Iglesya sa Iglesia Evangelica Unida de Cristo**

Noong 1930, kaisa ang Iglesia Cristiana Trinitaria sa pamamagitan ni Reb. Moises Buzon sa tatlong mga iglesya, kabilang ang Iglesia Evangelica de los Cristianos Filipinos at ang Iglesia Evangelica Metodista Reformada, na dumalo sa pagpupulong na inihanda ni Don Toribio Teodoro sa tahanan nito sa Avenida Rizal sa Maynila. Buong galak na sinang-ayunan ng tatlong mga iglesya ang layunin ng pag-iisa. Kaya naman makaraan ang ilang mga araw, inanyayahan na din ang iba pang mga nagsasariling iglesya ebangheliko sa isang pagpupulong na ginanap sa Ang Tibay (pagawaan ng sapatos na pagmamay-ari ni Toribio Teodoro) sa 714 Ilaya, Tondo, Maynila. Mula sa labintatlong mga iglesyang nagsasarili ay anim lamang ang nagpatuloy sa pagtatatag ng iglesyang nagkakaisa. Sa kanilang masidhing pagnanais na ang iglesyang nagkakaisa ay maging ganap, ang iglesya’y nagpatala sa Kawanihan ng Komersiyo at Industriya sa pangalang Iglesia Evangelica Unida de Filipinas. Ngunit ang pangalang ito ay mayroong kahalintulad kaya’t pinalitan ito ng Iglesia Evangelica Unida de Cristo na pinagtibay noong Pebrero 6, 1932. Sa pagpupulong ng IEUDC ay tinalaga at kinalala ang iglesya sa Tondo bilang Templo Central ng buong Iglesya. Sa Unang halalan ng IEUDC ay nahalal si Ob. Moises Buzon bilang kauna-unahang Sekretaryo-Heneral mula 1932-1935, nahalal bilang Superintendente Heneral mula 1935-1941, Tresurero Heneral mula 1944-1947, Sekretaryo-Heneral ulit mula 1947-1950, Tresurero-Heneral ulit mula 1950-1953, Ebanghelista-Heneral mula 1953-1956, at Tresurero-Heneral ulit mula 1956-1959.

**Ang Sariling Pagkakakilanlan ng Bishop Moises F. Buzon Memorial Church-Templo Central**

Ang biyaya ng Diyos sa Kongregasyon ng Templo Central ay nagpatuloy kung saan noong Hunyo 1940, nabili nina Don Toribio Teodoro at Ob. Moises Buzon ang gusali sa Kalye Moriones, Tondo, Maynila. Kaya naman, inilipat ang pananambahan ng Templo Central sa dako ng Moriones, Tondo.

Tulad ng kanyang pinanggalingan Iglesia Cristiana Trinitaria na binubuo ng collegial body na pinamumunuan ng Anciano o elder, nagtatag ang iglesya ng kanyang unang Board of Elders na kinabibilangan nina Rufino Marquez, Aguedo de Guzman, Diosdado Buzon, Consorcia Buzon, Felipa Artista, Rebecca Santiago, Gloria Manzano, Puro Lallana, Amalia Cruz, Victoria Lallana at Ismael Santos. Sa paglaon ng mga panahon, binuo ng iglesya ang kanyang Board of Council kung saan noong 1971 ay pinagtibay na ito ay tatawagin na Church Council o Konsilyo ng Iglesya. Ang nahalal na pangulo ng Konsilyo ng panahong iyon ay si Atty. Raoul V. Victorino. Samantala noong 1977, kung saan ang pananalapi ng iglesya ay lumalago na, ito ay ginawang sentralisado sa pangangalaga ng Ingat-yaman na si Miriam Buzon.

Kasabay ng pagkabuo at pagiging organisado ng iglesya ay itinatag din ang iba't-ibang mga kapisanan tulad ng Koro sa pangunguna nina Reb. Aguido de Guzman at ng piyanista na si Prop. Rebecca Santiago, gayundin ang iba pang kapisanan ng Paaralang Lingguhan, Kababaihan, at Kabataan. Sa layuning makasali ang mga bata sa pananambahan ay itinatag noong 1974 ang Junior Church. Makalipas ang dalawang taon, ang iba pang kapisanan ay naitatag tulad ng Junior Kabataan Kalalakihan, at Young Married Couple. Naging malaking bahagi din ng ministeryo sa musika si Prop. Leonie B. Bautista bilang Tagapagturo ng Koro at piyanista.

Nagpatuloy sa paglago ang kapatiran sa Templo Central at naglunsad ng iba't-ibang gawaing tutugon bilang ministeryo ng iglesya. Bahagi nito ay ang Day Care Program na sinimulan noong Nobyembre 1982 sa pagtangkilik ng Food for the Hungry International sa pangunguna nina Reb. Arnedo Bicomong, Diak. Naomi Salvio, at Deborah Sayo. Karamihan sa mga pinaglingkuran ng mga programa ng misyon ng Iglesya ay kabilang sa mga mahihirap na pamayanan kung saan nagkaloob ito ng libreng edukasyon, proyektong pangkabuhayan, pagpapakain, pagtuturo ng wastong pag-iingat sa kalusugan, dental, mga gawang pampamayanan, pag-aaral ng Biblia, at pagdalo sa mga gawain ng iglesya. Maraming mag-aaral ang natulungan ng iglesya upang makapagtapos sa pag-aaral

Patuloy ring lumago ang pananampalataya ng mga kapatiran ng iglesya sa pamamagitan ng pagdaraos ng regular na DVCS, mga bible studies, vesper services tuwing Linggo ng gabi, at mga natatanging gawain sa mga okasyon. Kaakibat nito, nagsagawa din ng isang

gawaing naglalayon ng higit na pagpapatibay ng ugnayan ng sambahayan at ito ay ang Family Camp na sinimulan noong 1988 at pinagdaraos isang beses kada dalawang taon. Gayundin, aktibong nakikilahok sa mga gawain sa kalaganapan. Higit na lumago ang kapatiran ng Templo Central sa bilang at pananampalataya.

Sa pagkakaisa at pagkilala ng buong kapatiran sa Manggagawang kinasangkapan ng Diyos sa pagtatatag ng Iglesya sa dakong iyon, pinagpasyahan na italaga ang pangalang "Bishop Moises F. Buzon Memorial Church" noong Nobyembre 28, 1993, sa mungkahi ni Pastor Kenneth V. Aguilera, nakatalagang Pastor, bilang pagkakakilanlan sa Iglesya-lokal sa Tondo, Maynila. Ang mungkahing ito ay pinagtibay ng Konsilyo at ng Lupong Patnugutan ng IUE.

Simula pa noong taong 1970, ang mga naging Pastor sa BMFBMC ay ang mga sumusunod:

Ang Bishop Moises F.Buzon Memorial Church Templo Central, San Pablo City, at Iglesia sa Malabag noong 1994 na Asembleya ng IEUDC ay tumutol at magalang na nagpaalam sa Asembleya sa kapasiyahan nito na umalis sa National Council of Churches in the Philippines. Ang mga delegado ng tatlong Iglesia ay hindi lumahok sa pagboto sa kapasiyahang ito. Sila ay dumako sa basement at nanalangin. Sa wika ng noo'y Pred. Atty Raoul V. Victorino," ang isang mahalagang bahagi ng kasaysayan ng Iglesia ay hindi maaring pagpasyahan pagbotohan kundi ito ay iginagalang at pinagyayaman,

Mayo 1995 inalis sa talaan ng mga Manggagawa ng IEUDC ang mga Manggagawang tumutol sa pag-alis sa NCCP..Sila ay tinangkilik at buong pusong tinanggap at minahal ng mga kapatiran sa BMFBMC, San Pablo at Malabag. Taong 1995 isinilang ang isang bagong Iglesia, ang Iglesia Unida Ekyumenikal na napatala sa Securities and Exchange Commission noong Hulyo 1995 na ang punong tanggapan ay sa 634 Morines st., Tondo Manila.

Sa pagkakaisa at pagkilala ng buong kapatiran sa Manggagawang kinasangkapan ng Diyos sa pagtatatag ng Iglesya sa dakong iyon, pinagpasyahan na italaga ang pangalang "Bishop Moises F. Buzon Memorial Church" noong Nobyembre 28, 1993 bilang pagkakakilanlan sa Iglesya-lokal sa Tondo, Maynila.

Nagpatuloy ang kapatiran sa Bishop Moises F. Buzon Memorial Church sa masigla at tapat na paglilingkod sa Diyos at sa pamayanang kaniyang kinabibilangan sa bilang bahagi ng matatag na katawan ni Cristo sa pamamatnubay ng Espiritu Santo.

. Isang mahalagang yugto sa taong 2022 at kagalakan ng buong kapatiran ng BMFBMC ay ang Konsagrasyon ni Pred. Justice Raoul V. Victorino noong Hulyo 30, 2022 sa Philippine Christian University Auditorium bilang Obispo ng ating minamahal at banal na Iglesya, ang Iglesia Unida Ekyumenikal. Sa kasalukuyan, naglalakbay ang Iglesia patungo sa kaniyang ika 90 taon ng Pagkatatag sa Nobyembre 2022 taglay ang paksang Namumuhay sa Pag-asa Kasama si Kristo sa Bagong Yugto ng Buhay

ARCADIO SANTIAGO – Pastor
RUBEN MALABUYO – Katulong na Pastor
ATTY. RAOUL VICTORIONO – Predikador

RUBEN MALABUYO – Pastor
ATTY. RAOUL VICTORINO – Predikador na may cargo Pastoral

ARNEDO BICOMONG

SALVADOR TIQUIA II

ERVIN TOLEDO

Nung umalis ang pastor Ruben papuntang Amerika, ang Atty. Raoul Victorino ang humalili. May mga imbitadong tagapagsalita lingo lingo tulad nila Pastor Eugenio Filio na naging Obispo ng IEUDC, Pastor Benjamin Aurellano.

Nadestino din si Pastor Arnedo Bicomong na nagtapos sa UTS na Cum laude. Nagkaroon sya ng karamadaman at pinalitan ni Pastor Salvador Tiquia II at Diakonesa Maningning Tiquia. Si Pastor Justinano Cajuiat ay naging Administrative.

Naordinahan si Raoul V Victorino bilang Presbitero noog October 10, 2021, sa United Methodist Church, Central Church, na sya ring araw ng pag iisang dibdib nya kay Kapatid na Ruby Bañares Victorino.